

Ang Mga Pamantayan ng Estado sa Panlahatang Kaalaman at Mga Magulang at Tagapag-alaga

Ang Mga Pamantayan ng Estado sa Panlahatang Kaalaman (sa Ingles, kung minsan ay tinutukoy na CCSS) ay nagbibigay ng praktikal na paraan para ihanda ang mga bata sa mga hamon ng patuloy na nagbabagong mundo – sa pamamagitan ng pagkatuto nang hakbang-hakbang ng mga kasanayang tunay sa mundo na kailangan nila para sa karera at kolehiyo.

Sa kabila ng problema ng estado sa badyet, kinakailangang sumulong ng California para ang lahat ng mga bata –saanman sila nanggagaling o nakatira – ay makakatanggap ng primera klaseng edukasyon na hindi nagbabago sa bawat paaralan, at magtatapos na handang magbigay ng kontribusyon sa kinabukasan ng ating estado at ng ating bansa.

Ang California ay isinasakatuparan ang mga pamantayang ito, ginagamit ang mga ito bilang pundasyon para sa paghahago ng ating sistema ng edukasyon. Ang mga pamantayan ay pinapanatili ang pinakamahusay na mayroon tayo, ngunit pinapalitan ang makalumang pamamaraan ng pagkatuto na may malinaw na pagtuon sa mga mahahalagang kaalaman at kasanayan na kailangan ng mga estudyante, at nagbibigay ng oras sa mga guro na turuan sila nang maayos.

Katulad ng orkestrang nag-aaral ng mapanghamon na bagong simponya, ang pagbubuhay ng mga pamantayang ito sa ating mga paaralan ay mangangailangan ng oras at lakas, at ang mga gastusin ay dapat na mapangasiwaan sa paglipas ng panahon. Ang mga pamantayang ito ay nagbibigay sa bawat bahagi ng ating sistema ng edukasyon ng parehong pilyego ng musika – kasama ang malilina na mga layunin na kahandaan sa karera at kolehiyo para sa lahat. At tayong lahat ay may papel na ginagampanan.

Paghahanda sa mga Estudyante para sa Karera at Kolehiyo

Layunin – Lahat ng mga estudyante na magtatapos mula sa ating sistema ng pampublikong paaralan bilang habambuhay na mag-aaral ay magkakaran ng mga kasanayan at kaalaman na kinakailangan para magampanan ang kanilang mga posisyon sa pandaigdigang ekonomiya sa ika-21 na siglo.

- Ang mga bagong pamantayan ay dinisenyo upang maging may kaugnayan sa tunay na mundo, nagsasalamin ng kaalaman at mga kasanayan na kailangan ng mga estudyante para magtagumpay sa parehong mas mataas na edukasyon at karera.
- Ang ating mga komunidad ay magiging mas malakas kung ang mga estudyante ay magtatapos na may mga kasanayan at kaalaman na kailangan sa kalakaran ng trabaho ngayon.

CDE The Common Core State Standards and Parents and Guardians (2012)
Excerpted from Common Core State Standards: Communications Toolkit for California (2012)
T12-477 Tagalog, Arial Font
Three Pages

Magkakaroon ba ng mga Bagong Pagsusuri para sa Bagong mga Pamantayan?

Oo, ang California ay isang namamahalang miyembro ng Kasunduan sa MAS MATALINONG Balanseng Pagtatasa (sa Ingles, kung minsay ay tinutukoy na SBAC (SMARTER Balanced Assessment Consortium)). Ang kasunduan ay nagbubuo ng mga bagong pagsusuri na magsusukat ng progreso ng estudyante tungo sa kahandaan sa karera at kolehiyo. Malalaman mo ang mas higit pa ukol sa mga bagong pagsusuri at ang pakikilahok ng California sa SBAC sa <http://www.cde.ca.gov/ta/tg/sa/smarterbalanced.asp>. Ang pahinang ito sa Web ay nasa Ingles.

Ang Plano ng California sa Implementasyon ng CCSS

Ang *Plano sa Implementasyon ng Sistema ng mga Pamantayan sa Panlahatang Kaalaman para sa California* ay isang buhay na dokumento na inaprubahan ng Lupon ng Edukasyon ng Estado noong Marso 2012. Ang plano, na makukuha sa <http://www.cde.ca.gov/re/cc/>, ay kumikilala sa mga mahahalagang gawain na kasama sa pagpapatupad ng CCSS at nagsisilbi bilang plano para sa paghahago ng sistema ng edukasyon na susuporta sa tagumpay ng estudyante sa karera at kolehiyo. Ang pahinang ito sa Web ay nasa Ingles.

Paglilipat sa CCSS: Ano ang Maaaring Gawin ng mga Magulang at Tagapag-alaga Ngayon

Ang mga magulang at tagapag-alaga ay napakahalagang kabalikat sa paglalalatag ng saligan para sa maayos na paglipat sa mga bagong pamantayan. Ang mga magulang at tagapag-alaga ay maaaring:

- Kumuha ng kaalaman tungkol sa CCSS at ang plano ng distrito sa paglilipat.
- Makipag-usap sa punong-guro tungkol sa mga plano ng paaralan para sa paglilipat para malaman kung ano ang magbabago tungkol sa mga bagong pamantayan at ano ang mananatiling pareho para sa mga bata.
- Dumalo sa pulong ng lupon at/o ng komunidad para pag-usapan ang mga layunin at mga talakdaan.
- Makipagpulong sa guro ng inyong anak para pag-usapan kung ano ang matututunan ng inyong anak sa darating na taon at paano magbabago ang pagtuturo sa silid-aralan para tumugma sa CCSS.
- Gumanap ng aktibong papel sa edukasyon ng inyong anak sa bahay. Kung inyong mapapansin na ang inyong anak ay nahihirapan sa isang asignatura, kumonsulta sa kanyang guro upang kilalanin ang mga istrateliya at mapagkukunan na maaaring makakatulong.
- Maturuan ang ibang mga magulang tungkol sa paglilipat sa CCSS.

CDE The Common Core State Standards and Parents and Guardians (2012)
Excerpted from Common Core State Standards: Communications Toolkit for California (2012)
T12-477 Tagalog, Arial Font
Three Pages

- Alamin ang mga pagkakataon upang maging aktibong kasali sa paglilipat sa Panlahatang Kaalaman sa inyong estado at sa lokal na Samahan ng mga Magulang-Guro (sa Ingles, karaniwang kilala bilang PTA) o Organisasyon ng mga Magulang-Guro (karaniwang kilala bilang PTO).

Mga Mapagkukunan para sa mga Magulang at Tagapag-alaga

Ang sumusunod na mga mapagkukunan sa Web ay nagbibigay ng napapanahong impormasyon mula sa pahina sa Web ng Kagawaran ng Edukasyon ng California (California Department of Education (CDE)) at patuloy na binabago. Ang unang mapagkukunan ay ang pangunahing Pahina sa Web ng CDE CCSS kung saan kasama ang *Plano sa Implementasyon ng Sistema ng mga Pamantayan ng Panlahatang Kaalaman para sa California*, ang Talakdaan ng mga Makabuluhang Milyahe, at ang bahaging “Alamin Pa” (“Learn More”) na nagbibigay ng karagdagang mga link para sa mga impormasyong tiyak sa publiko.

Pahina sa Web ng Kagawaran ng Edukasyon ng California: <http://www.cde.ca.gov/re/cc/> (piliin ang “Mga Estudyante/Magulang” (“Students/Parents”) na tab) Ang pahinang ito sa Web ay nasa Ingles.

Ang Kasunduan sa MAS MATALINONG Balanseng Pagtatasa (SMARTER Balanced Assessment Consortium Information) (sa Ingles):
<http://www.cde.ca.gov/ta/tg/sa/smarterbalanced.asp>

Ang Polyeto ng Mga Pamantayan ng California sa Panlahatang Kaalaman sa K-8:
http://www.ccsesa.org/sysadmin/documents/CCSParentHandbook_020411.doc

Ang polyetong ito, na nilikha ng Samahan ng mga Tagapamahala ng County sa Serbisyong Pang-edukasyon ng California (California County Superintendents Educational Services Association) (sa Ingles, kilala bilang CCSESA) na may kasamang pagkonsulta sa PTA ng Estado ng California (California State PTA), ay nagbibigay sa mga magulang ng pagpapakilala sa CCSS ng California at isang buod ng kung ano ang inaasahang matutunan ng mga estudyante habang sila ay sumusulong mula sa kindergarten hanggang sa ika-walong baitang. Ang pahinang ito sa Web ay nasa Ingles, ngunit may mga pagsasalin ang polyetong ito para sa mga magulang na makukuha sa ilang wika.

[NOTE, TO BE DELETED BEFORE SENDING TRANSLATION TO PARENTS: The California Department of Education (CDE) makes this translation available to schools, free of charge, as a form of assistance to local educational agencies (LEAs). School personnel should remove the document information (such as this paragraph and the headers in the upper left corners) and customize the translation to suit local needs before sending it to parents. The CDE recommends, however, that LEAs first confer with local translators to determine any need for modifications, as there can be many variations in translation. Questions regarding this translation may be directed to the Clearinghouse for Multilingual Documents by e-mail: cmd@cde.ca.gov.]